JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban


SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula



Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 5

# PHYSICAL EDUCATION

## Quarter 2, Wk. 6 - Module 2
## PATINTERO




Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________



## Alamin



Patintero ay isa sa pinaka-popular na Larong Pinoy. Minsan tinatawag din itong Harang Taga o Tubigan (*dahil kadalasan ay binubuhusan ng tubig ang lupang nilalaruan*). Ang Patintero ay nilalaro ng dalawang pangkat, na may pantay o parehas na bilang ng kasapi sa magkabilang koponan.

Ang mga katangian ng manlalaro ay liksi ng kilos, talas ng paningin at bilis ng isip ang kailangan sa mga manlalaro. Pagkakaisa ng bawat manlalaro ay mahalaga upang manalo sa laro. Ang mga manlalarong umaatake ay kailangang mabilis sumugod at bumalik ng hindi natataya. Ang mga Taya naman ay kailangang hulihin ang mga Umaatake, at kapag sila ay mananaya, kailangang nakatapak lagi sa mga linya.

Sa Modyul na ito, inaasahan na makakamit mo ang mga sumusunod na layunin:

A. Naipapaliwanag ang katangian ng laro. (Larong Patintero) **PE5GS-Ib-1**
B. Nakasusunod sa mga pamatayang pangkaligtasan. **PE5GS-Ib-1**
C. Nakaguguhit ng tamang sukat ng Lugar ng Palaruan. (Patintero Court)



## Subukin

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat pangugusap at unawain ang mga tanong. Piliin at bilugan ang titik na pinakaangkop sa sagot.

1. Ano ang pinaka-popular na Larong Pinoy na minsan tinatawag din itong Harang Taga o Tubigan?
   A.syato  B. batuhang Bula  C. patintero  D. luksong tinik

2. Ilang pangkat ng manlalaro ang kailangan sa Patintero?
   A. isa B. dalawa C. tatlo D. apat

3. Alin sa mga sumusunod ang mga kasanayang natutunan sa paglalaro ng Patintero?
   A. mnakit ng kalaban at mumurahin
   B. liksi ng kilos at bilis ng isip
   C. talas ng paningin
   D. b at c

4. Anong tawag sa pangkat na nagbabantay sa bawat linya at pinipigilang makalagpas ang mga kalaban sa pamamagitan ng paghuli at pagtaya gamit ang tapik o pag-abot ng kamay sa harap na bahagi ng katawan.
   A. bangon B. patin C. taya D. tero

5. Saang lugar dapat nakatayo ang Patotot?
   A. pinakaharap sa linya
   B. pinakagilid na linya
   C. pinakadulong linya
   D. pinakagitnang linya

6. Kailangan bang markahan ang lugar ng parisukat ang palaruan ng patentiro?
   A. Oo B. Hindi C. di sigurado D. di kailangan

7. Ang pakay ng grupong umaatake sa larong patintero ay ______.
   A. makapuntos panalo mula sa mga “home runs”
   B. tayain ang kalaban
   C. Depensaan ang taya
   D. Tayain ang sarili

8. Ang mga sumusunod ay mga kasanayang kinakailangan sa larong patintero maliban sa isa.
   A. bilis
   B. pagkakaisang kopunan
   C. liksi at talas ng atensiyon
   D. kakayahang manlalaro bilang hiwalay na indibidwal

9. Ang layunin ng pangkat na taya ay
   A. tayain ang mga umaatake
   B. makapuntos panalo mula sa mga “home runs”
   C. makatakbo ng malayo
   D, maka-iwas sa manlalaro

10 Ang mga sumusunod ay mga tamang pusturasa paglalaro nito maliban sa isa
   C. magpokus sa kalaban
   D. laging nakataas ang kamay
   E. ang tindig ay laging handa at nakaambang sa mga kalaban
   F. Laging nakatakbo at nakayuko

| Araling 2 | Patintero |
|---|---|



## Balikan

**Panuto:** Isulat ang pangalan ng larong Pinoy na makikita sa mga larawan.





1.________________________________ 2. ________________________________________





**3.**____________________________________ **4.**____________________________________




**5.**____________________________________



## Tuklasin

**Panuto:**

Pagmasdang mabuti ang larawan. Ano kaya ang tawag sa larong ito? Ayusin ang *"jumbled"* na mga letra upang matukoy ang tawag.



(APENTIORT______________________)



## Suriin

**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na katanungan base sa naibigay na gawain sa itaas.

a. Ano-ano ang mga makikita sa isang korte ng Patintero?
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

b. Ano ang tungkulin ng mga sumusunod na manlalaro?
TAYA ____________________
BANGON ____________________

c. Ano-anong katangian ang dapat taglayin ng isang manlalaro upang manalo?
____________________________________________
____________________________________________



## Tara Usap Tayo !

### PATINTERO


**KASANAYANG MATUTUTUNAN:**
Susukatin ng larong ito ang bilis, liksi at talas ng atensyon ng manlalaro, at ang kakayanan nilang maglaro hindi bilang mga hiwalay na indibidwal kundi bilang isang nagkakaisang koponan.

**BILANG NG MANLALARO:** Limang (5) **Bangon** (Runners), laban sa limang (5) **Taya** (Taggers).

**LAYUNIN NG LARO:**


Kailangang makalagpas ang mga Bangon sa lahat ng linya --- mula sa una hanggang sa dulo --- at makabalik muli sa lugar na pinagsimulan (starting area), ng hindi sila natataya. Ang mga Taya naman ay magbabantay, isang tao sa bawat linya at pipigilang makalagpas ang mga Bangon sa pamamagitan ng paghuli at pagtaya gamit ang tapik o pag-abot ng kamay sa hindi sa likod) bahagi ng katawan

**KATANGIAN NG MGA MANLALARO**




Liksi ng kilos, talas ng paningin at bilis ng isip ang kailangan sa mga manlalaro. Pagkakaisa ng bawat manlalaro ay mahalaga upang manalo sa laro. Ang mga manlalarong umaatake ay kailangang mabilis sumugod at bumalik ng hindi natataya. Ang mga Taya naman ay kailangang hulihin ang mga Umaatake, at kapag sila ay mananaya, kailangang nakatapak lagi sa mga linya.

Bawat grupo (team) ay kailangan gumawa ng plano kung paano nananalo sa kalaban. Ang mga umaatake ay mahalaga ring bumuo ng estratehiya kung papaano lalampasan ang mga Taya. Ang mga Taya naman at kailangang magkaisa kung paano kukulungin sa parisukat ang mga umaatake at uubusin sila isa-isa.




**LUGAR NG PALARUAN:**

Malawak an espasyo ang kailangan sa larong ito. Kailangang markahan ang lugar ng parisukat na may habang **anim (6) na metrong pahaba**, at **apat (4) na metrong pahalang** na hahatiin sa tatlong magkakaparehas na sukat. Anim na parisukat ang nasa loob.

Ang mga linya sa loob ng parisukat ang tatakbuhan ng mga manlalarong didipensa (Taya). Ang pinaka-gitnang linya ang lugar na tatayuan ng Patotot.


**KAGAMITAN SA PAGLALARO:**

Maliban sa sarili, at sa lugar na paglalaruan, wala nang iba pang materyales na gagamitin sa larong patintero. Subalit sa mga opisyal na paligsahan, gumagamit ang mga manlalaro ng iba't ibang kulay ng chalk na inilalagay sa palad ng Taya upang bumakat sa katawan ang paghuli sa kalaban at nagigiging batayan sa balidong pagkakataya.

1. Ang laro ay sisimulan sa pamamagitan ng Jack-en-Poy (Bato-Bato Pik - papel, gunting, bato). Ang sinumang manalo sa Jack-en-Poy, sila ang unang pangkat na maglalaro bilang mga Bangon.

2. Ang mga Bangon ay magsisimula sa unang linya at susubok na makalagpas sa bawat linya nang hindi natataya.

3. Ang Taya ay magbabantay sa bawat linya sa pamamagitan ng pagtayo at pagbaybay pahalang sa linya nakadipa ang mga kamay. Susubukan niyang abutin at tapikin kanyang palad o mga daliri ang harapang bahagi ng katawan ng Bangon na nagtatangkang makalagpas. Kailangang nakalapat ang dalawang paa sa linya habang nananaya. Hindi balido ang pagtaya kung hindi nakalapat ang mga paa sa linya.



4. Kapag nakalampas na sa linya ang Bangon, hindi na siya maaring tayain ng nalagpasang bantay-taya, maliban na lamang kung pabalik na ito galing sa dulo.

5. Bawal lumabas sa loob ng palaruan ang Bangon. Kapag lumabas ang Bangon sa lugar ng palaruan, ito ay ikukunsidirang at paaalisin sa laro.

6. Kapag nataya ang isa sa mga Bangon sa anumang paraan, halimbawa ay natapik ng Taya o nakalagpas sa lugar ng palaruan, magpapalit ng lugar ang dalawang pangkat. Ang kabila naman ang magiging Bangon, at ang nataya ang magiging Taya.

7. Ngunit kapag matagumpay na nakapasok at nakabalik ang mga Bangon ng hindi natataya sa anumang paraan, ang koponan ng Bangon ay gagawaran ng isang (1) puntos na score. Matapos makapuntos, bahagyang ititigil ang laro at ang lahat ng Bangon ay babalik muli sa simulang lugar, at muling lulusob upang muling makapuntos tuloy-tuloy lang ang laro hanggat hindi sila natataya).

8. Matatapos ang laro kapag ang isang pangkat ay nakatamo ng pag-sangayunang bilang ng puntos. Ang pangkat ay idedeklarang panalo.



## Pagyamanin

**Gawain 1**

**Panuto**: Iguhit ang tamang sukat sa Patintero Court at labelan ito.

**Gawain II**

**Panuto:** Batay sa iyong natutunan, paglalaro ng Patintero. Magyaya ng hindi bababa sa tatlong miyembro ng pamilya para makipaglaro nito. Gumawa ng dalawang pangkat na may parehong bilang ng miyembro. Tiyakin ang inyong kaligtasan habang naglalaro.

Naging masaya ba kayo sa paglalaro? Maari niyo ring ibahagi ito sa inyong mga kakilala, o di kaya'y subukan ang ibang mga larong pinoy na kakaunting miyembro lang ang kinakailangan.



## Isaisip

**Panuto**: Batay sa napag-aralan, punan ng wastong sagot ang mga patlang para mabuo ang batayang konsepto.

Ang larong patintero ay isang pinaka-popular na larong ______. Susukatin ng larong ito ang _____, ______, at ______ ng atensyon ng manlalaro, at ang kakayanan nilang maglaro hindi bilang mga hiwalay na indibidwal kundi bilang isang nagkakaisang ________.



**Isagawa**

**Panuto:** Batay sa natutunan, punan ang talahanayan ng mga angkop na salita.

| PANGKAT | KASANAYANG TAGLAY | LAYUNIN NG LARO |
|---|---|---|
| | | |
| | | |



**Tayahin**

**Panuto:** Piliin sa Hanay B ang panutong tinutukoy o kaugnay ng palatuntunan na matatagpuan sa Hanay A. Isulat ang sagot sa patlang.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| _____1. Hugis ng lugar ng Palaruan o Patintero Court | a. Pinakagitnang linya |
| _____2. Larong Pinoy na minsan tinatawag sa Harang Taga o tubigan | b. 3-5 miyembro bawat pangkat |
| _____3. Lugar na tatayuan ng Patotot | c. liksi ng kilos talas ng paningin at bilis ng isip |
| ______4. Bilang ng manlalaro sa larong Patintero | d. 6 metro pahaba, 4 metro pahalang |
| _____5. Sukat ng lugar ng Palaruan | e. patintero |
| _____6. Katangian ng manlalaro | f. umaatake |
| _____7. Mahalagang katangian ng bawat manlalaro upang Manalo sa laro | g. parisukat |
| _____8. Kailangang gumawa ng plano kung paano mananalo sa kalaban | h. team |
| _____9. Pagsisimulan ang larong ito sa pamamagitan nito | i. jack-en-poy |
| _____10. Pangkat na nagsisimula | j. Bangon |

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.

VIII. Gabay sa Pagwawasto

Subukin

1. C
2. B
3. D
4. C
5. D
6. A
7. A
8. D
9. A
10. D

Balikan

1. Luksong baka
2. Luksong tinik
3. Tumbang preso
4. Tug of war
5. Sipa

Gawain I


1. Patintero

Suriin

a. 2 pangkat na manlalaro na may 3 – 5 manlalaro, hugis, parisukat o anim (6) metro pahaba, apat (4) metros pahalang
b. Taya – Taggers
   Bangon – Home run
c. Liksi ng kilos , bilis ng isip, talas ng tingin, pagkakaisa

Pagyamanin

Gawain I




Gawain II

*Answers may vary*

Gawain III

Ang Larong patentiro ay isang pinaka-popular na larong Pinoy. Susukatin ng Larong ito ang Bilis, liksi, at talas ng attensiyon ng manlalaro, at ang kakayanan nilang maglaro hindi bilang mga hiwalay na indibidwal kundi bilang isang nagkakaisang koponan.

**Mga Sanggunian :**

Bendal ,Jenny Jalandoni et al. Edukasyong Pangkatawan at Pangkalusugan, VICARISH Publication and trading, Inc., Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS) ., 2015.

# MAPEH-PE

Ikalawang Markahan – Modyul 2:

# PATINTERO


## Mga Manunulat

**JOCELYN S. CAPAROSO - Baloyboan Elementary School**

**MAYFLOR S. TANO - Santo Niño Elementary School**

## Taga-guhit

**JOVELYN M. CALUNSAG - Baloyboan Elementary School**